



PAHAYAG SA MEDIA

PARA SA AGARANG PAGLALATHALA: Disyembre 10, 2020
MAKIPAG-UGNAYAN KAY: Kristine Roselius, 415.519.5419

Miyembro ng lupon ng Air District na si Davina Hurt, itinalaga ni Gobernador Newsom sa Lupon ng Mga Resource ng Hangin ng California

SAN FRANCISCO – Pinuri ng Bay Area Air Quality Management District (Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area) ngayong araw ang pagtatalaga ni Governor Newsom sa miyembro ng lupon na si Davina Hurt sa Lupon ng Mga Resource ng Hangin ng California.

Si Hurt ay bahagi na ng lupon ng Air District mula pa noong Enero 2020, at ang pinuno ng Ad Hoc Committee sa Patas na Pag-access at Pagsasama. Siya ay isang miyembro ng konseho ng lungsod ng Belmont, abugado, at tagapagtaguyod ng kapaligiran. Para sa Lungsod ng Belmont, naglingkod rin si Hurt bilang alkalde, bise alkalde, at komisyoner sa pagpapalano.

“Natutuwa at nagagalak akong maitalaga sa napakahusay at napakasiglang lupon na ito,” ayon kay miyembro ng lupon ng Air District na si Davina Hurt. “Nasasabik akong patuloy na magsikap para maisulong ang mga proteksyon sa kapaligiran, mitigasyon, at pagbabago na kapaki-pakinabang sa lahat ng komunidad - lalo na iyong mga dati nang apektado ng pinsala sa kapaligiran at kawalan ng pakialam.”

Pinagtutuunan ng Lupon ng Mga Resource ng Hangin ng California ang mga natatanging hamon sa kalidad ng hangin ng California sa pamamagitan ng pagtatakda ng mas mahihigpit na pamantayan sa emisyon sa estado para sa iba’t ibang pinagmumulan ng polusyon sa buong estado, kasama ang mga sasakyan, gasolina, at produktong pang-consumer.

“Malugod naming tinatanggap ang pagtatalaga ni Gobernador Newsom sa miyembro ng lupon ng Air District na si Davina Hurt sa Lupon ng Mga Resource ng Hangin ng California,” sabi ng tagapagpaganap na opisyal ng Air District na si Jack Broadbent. “Walang humpay siyang nagsikap para maitaguyod ang pagkakaiba-iba, pagkakapantay-pantay, at pagsasama sa Air District, at buong puso niyang isusulong ang pagkakaroon ng malinis na hangin, ang Bay Area, at lalo na ang mga komunidad na pinakanaapektuhan ng polusyon sa hangin.”

May 16 na miyembro ang Lupon ng Mga Resource ng Hangin ng California. Labindalawa ang itinalaga ng gobernador at kinumpirma ng Senado ng estado. Kasama sa natitirang apat ang dalawang kumakatawan sa mga komunidad na nagsusulong ng katarungan para sa kapaligiran, at ang dalawang hindi bumobotong miyembro na itinalaga para sa pagsubaybay ng lehislatura, kung saan tig-isa ang nagmula sa Senado at Asemblea ng estado. Noong Hulyo 2018, itinakda ng Lupon ng (California Air Resources Board, CARB) ang hindi sabay-sabay na anim na taong termino para sa mga bumobotong miyembro.

Ang [Bay Area Air Quality Management District](#) ay ang panrehiyong ahensya na responsable para sa pangangalaga sa kalidad ng hangin sa Bay Area na may siyam na county. Makipag-ugnayan sa Air District sa pamamagitan ng [Twitter](#), [Facebook](#), at [YouTube](#).

###

Air District Communications Office
375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105
[Homepage ng Air District](#) | [Mga Pahayag sa Media](#)